
gikan sa SILYAB an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu
Taon XLIV Blg. 1

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol



# Pagsusulong ng digmang bayan sa gitna ng pandemya

Handa ang rebolusyonaryong kilusang pamunuan ang masa sa pagharap at pag-igpaw sa mga krisis na tulad ng dulot ng Covid-19. Simula't sapul, layunin na nitong durugin ang isang sistemang malakolonyal at malapyudal na walang ibang idinulot sa masang anakpawis kung hindi tuluy-tuloy na pagdarahop dahil sa walang patid na krisis. Ipinagkait ng sistemang ito sa mamamayan ang anumang pagkakataong makaahon ang mahihirap mula sa kahirapan. Linumpo nito ang ekonomya ng bansa sa antas na hindi na maisasalba ng mga simpleng reporma. Ito ang sistemang nagtulak sa mamamayang tumangan ng armas at mapagpasyang ilunsad ang rebolusyon upang ipaglaban ang kanilang kolektibong kagalingan.

Sa mahigit limang dekada, naging katuwang ng mamamayan ang rebolusyonaryong kilusan, laluna ang Pulang hukbo, sa pagharap sa iba't ibang krisis sa lipunan. Matatag na hinarap ng masang Bikolano at ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang krisis dulot ng pandemya. Kagyat na pumihit ang mga komite ng Partido at yunit ng BHB upang tutukan at ituon ang lahat ng kanilang pagsisikap sa pag-agapay sa masa sa panahon ng napakatinding krisis.

Higit na nagsikhay ang rebolusyonaryong kilusan sa higit pang pagpapalakas ng pagkakaisa ng mamamayan at pagsalig sa kanilang kolektibong pagkilos para sa epektibong pagharap sa anumang

balakid. Umangkop at matagumpay nitong inigpawan ang mga hamon at hadlang dulot ng lockdown at minaksimisa ang panahon upang isulong ang iba't ibang larangan ng gawain sa rebolusyon.

Makasaysayan at natural sa taumbayan ang diwa ng sama-samang pagkilos upang makamit ang mas magandang kinabukasan para sa nakararami. Ito ang lagi't laging susubukang wasakin, ngunit palagian ding ikabibigo ng reaksyunaryong estado. Patunay nito ang tatag ng masang Bikolano na humarap at igpawan ang anumang sakuna, natural man o sadyang linikha ng tao.

Narito ang mga naratibo ng inisyatiba at pagsisikap ng masa at ng rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng Covid-19.

## Brgy. Narra: Pagkokonsolida at pagpapakilos ng baseng masa

Sa unang pagkakataong mayroong naitalang kaso ng Covid-19 sa bansa, kagyat na nakapagsimula ng mga pag-aaral at pagsusuri ang ilang yunit ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon hinggil sa bayrus. Pebrero pa lamang, ipinanawagan na ng Komite ng Partido sa Kabikulan ang pagtatayo at pagpapalawak ng mga grupong tulungan, pag-aayos ng koordinasyon para sa ayuda at pagsasagawa ng mga information drive. Hinanda ng BHB ang kani-kanilang mga yunit sa pag-agapay sa mga organisasyong masang magpapatupad ng mga napagkaisahang plano sa pagharap sa Covid-19.

Sa Brgy. Narra, mismong mga kasapi ng Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) ang nag-organisa ng relief drive. Katuwang ng SPL ang mga taumbaryo at yunit ng BHB na sumasaklaw sa erya sa pagtitipon, pag-impake at pamamahagi ng mga ito. Kasabay ng mga ipinamamahaging relief ay mga polyetong naglalaman ng impormasyon hinggil sa Covid-19. Tinipon din ng yunit ng BHB ang kanilang reserbang suplay ng bigas at mga nalikom pang donasyon mula sa masa at iba pang panggitnang pwersa noong panahon ng anihan. Limang kilo kada pamilya ang naipamahagi sa halos 700 na pamilya. Nakapaglunsad din ng feeding program ang mga organisasyong masa. Boluntaryo ring ipinahiram ng masa ang kanilang dyip o ibang sasakyan upang makapagronda ang mga kasapi ng SPL sa pamimigay ng pagkain.

Sinunggaban din ng mga kasapi ng SPL ang panahon ng lockdown upang makapaglunsad ng mga pulong, pag-aaral at pagsasanay. Higit na nakonsolida ang mga rebolusyonaryong pwersa, naging maluwag ang pagrerekluta ng mga bagong kasapi ng Partido at lumakas ang pagkakaisa ng taumbaryo.

Sa buong rehiyon, Ilang libong pamilya na ang nakatanggap, at patuloy pang nakatatanggap, ng ayuda mula sa rebolusyonaryong kilusan. Ito ang pinakamahihirap na pamilya sa kanayunan


| Taon XLV Blg. 2 | Hulyo 2020 |
|---|---|

Ang Silyab ang rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol.

Bukas ang pahayagan sa mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon.

Hinihikayat din ang lahat na magbigay ng mga puna at mungkahi hinggil sa anumang laman ng pahayagan. Ipadala lamang ang mga ito sa silyabbikol1976@gmail.com.


NILALAMAN


Pagsusulong ng Digmang Bayan sa Panahon ng Pandemya 1

Nasaan ang Ayuda? Krisis Dulot ng Kainutilan at Kapabayaan ng Rehimeng US-Duterte sa Harap ng Pandemya 4

Kwentong Lockdown No. 1: Si Jimboy at ang Brgy. Pag-asa sa Panahon ng Covid-19 6

Kwentong Lockdown No. 2: Si Mang Alan at ang Krisis ng Covid-19 sa Kanayunan 7



marojabanua.wordpress.com
Nel Del Mundo
yandex.disk/silyabbikol
@mundo_nel
Instagram gintongsilahis50
Ma Roja Banua



at kalunsuran na dati nang walang naaabot na anumang serbisyong panlipunan mula sa reaksyunaryong gubyerno. Higit lamang tumingkad ang kawalan nila ng akses sa mga ito sa dahil sa matinding kagutuman at kahirapang dinanas nila sa unang linggo pa lamang ng kwarantina.

### Brgy. Kawayan: Pagpapalawak at pagpapaunlad ng kolektibong pagtatanim

Lubhang naapektuhan ang mga magsasaka sa panahon ng lockdown. Bagamat relatibong malayang nakapagtatanim laluna yaong nagsasaka sa lupang pinamamahalaan ng rebolusyonaryong kilusan, wala namang bumibili ng kanilang produkto sa panahon ng pandemya. Higit na masahol ang kalagayan ng mga mangingisdang pinagbabawalang pumalaot dahil sa di-makatarungang patakarang ipinataw sa panahon ng kwarantina. Ipinagkait nito, hindi lamang ang pagkakataon nilang makapagbenta ng kanilang nahuling isda sa bayan, kung hindi pati na ang akses nila sa tanging ikakasustento ng kanilang pamilya sa panahon ng lockdown.

Hindi nakaaahon ang masang anakpawis mula sa pinsalang dulot ng Bagyong Tisoy noong Disyembre 2019. Dahil sa lockdown, sarado ang mga tindahan at mga kumprada sa bayan. Kung mayroon mang nakabukas, binabarat nila ang presyo ng mga produkto ng mga magsasaka. Binibili ang tuyong palay ng P600 kada sako at ang bigas ng P1,500 sa bawat sako ngunit ibinebenta naman ito sa mga residente sa halagang P1,900-P2,000 kada sako. Dahil sa kahirapan, pinili na lamang ng ilang mga may-ari ng lupang akuin ang lahat ng trabaho sa pagtatanim.

Upang mapangibabawan ang kawalan ng trabaho at makatulong na ring mapunan ang kakulangan ng suplay ng pagkain, hinikayat ng BHB at organisasyong masa ang taumbaryong sumali o magtayo ng mga grupong tulungan. Inaral ng mga grupong tulungan kung anu-anong pananim ang mabilis tumubo para sa kagyat na pangangailangan ng komunidad. Marami sa baryo ang nahikayat na sumali sa grupo dahil hindi na nila kailangang mag-isang pasanin ang napakataas na gastos sa pagtatanim. Dahil mabilis na nakaaani, mabilis ding napakikinabangan ng mga kasapi ng grupo ang bunga ng kanilang pinaghirapan. Bahagi ng ani ng mga grupong tulungan ang ipinamahagi ng mga kasapi ng SPL sa taumbaryo para sa mga relief drive.

Bago pa ang pandemya, isinusulong na ng rebolusyonaryong kilusan ang pagpapanday ng iba't ibang tipo at anyo ng pagtutulungan sa hanay ng mamamayan para pataasin ang antas ng produksyon sa kanilang lugar. Sa pangangasiwa ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo, pinauunlad ng taumbaryo ang mga luyo-luyo o bayanihan, grupong tulungan at mga kooperatiba sa kanilang lugar. Ito ang mga binhi ng isang ekonomyang nakaaasa sa sarili, nabubuhay para sa kapakinabangan ng lahat at hindi lamang para sa iilan.

### Brgy. Lawaan: Pagpapalakas ng armadong pwersa

Naging susi ang mahigpit na ugnayan ng BHB at ng masa sa mahusay na pagharap sa Covid-19 sa kanayunan. Mahigpit na pinanghawakan ng Pulang hukbo ang kanilang tungkulin bilang hukbong panlaban, pamproduksyon, pangkultura at pampropaganda kahit sa gitna ng mga hamon dulot ng krisis ng Covid-19. Kahit paulit-ulit na

linabag ng AFP ang unilateral na tigil-putukan, ipinagpatuloy ng BHB at ng milisyang bayan ang kanilang mga aktibidad at pagtulong sa masa habang pinananatili ang posturang aktibong depensa. Lahatang-panig na linabanan at binigo ng BHB, katuwang ang masa, ang mga operasyong militar ng AFP-PNP-CAFGU.

Sa maagang bahagi pa lamang ng lockdown, tuluy-tuloy na ang operasyong militar ng AFP sa Brgy. Bikal. Nagtayo sila ng mga tsekpoynt sa mga mayor na kalsada. Bagamat mga upisyal ng barangay ang pinagbabantay sa mga tsekpoynt sa interyor na bahagi ng baryo, ginagalugad pa rin nila ang mga ito upang tiyakin umano ang pagsunod ng lokal na yunit ng gubyerno. Diumano, target nilang bantayan ang pagdaraos ng anumang malakihang pagtitipon sa mga komunidad nang maiwasan ang pagkalat ng Covid-19. Samu't saring rekisito ang hinihingi nila bago payagang makapamili ng pangangailangan o makapaghatid ng produkto sa palengke ang mga residente. Sa naturang barangay, isang bangkerong magdadala sana ng produkto sa bayan ang hinuli at kinumpiskahan ng bangka at mga produkto. Ipinatutubos sa kanya ngayon ang bangka sa napakataas na halaga.

Ngunit matatag ang mga residente ng Brgy. Bikal na humarap sa mga pang-aatake ng AFP-PNP-CAFGU. Makilos man ang kaaway, buu-buo pa rin nilang sinuportahan ang Pulang hukbo. Bunga nito, matagumpay na nailunsad ng BHB ang treyning medikal, klinikang bayan at iba pang gawaing konsolidasyon. Itinaas nito ang kaalaman at kapasidad sa alternatibong medisina ng yunit at ng mga taumbaryong nakadalo laluna sa pagmamaksimisa ng acupuncture at mga halamang gamot upang mapanatili ang kalusugan, makaiwas sa Covid-19 at iba pang karamdaman.


Hindi naging sagabal ang lockdown. Ipinihit ng rebolusyonaryong kilusan at ng masa sa kanilang bentahe ang pag-oobliga sa taumbaryong manatili sa kani-kanilang mga tahanan. Dahil nakatipon sa mga bahay, relatibong naging madali sa yunit ng Pulang hukbong mamigay ng mga polyeto at magsagawa ng mga pag-aaral.

Pinakamatingkad sa panahong ito ang pagsisikhay ng mga yunit ng BHB na maging malikhain sa pagtulong at pag-organisa sa masa. Nakapaglunsad din ng mga pangkulturang aktibidad ang mga yunit ng Pulang hukbo sa ibang erya. Kabilang na rito ang pagsayaw sa bagong jingle ng rehiyon – ang 'Kontra Covid-19', pagsasagawa ng dula hinggil sa batas militar at iba pang kanta o rap na sumasalamin sa danas ng masa. Tumutulong din ang yunit sa pagtatanim o pag-ani sa mga eryang mayroong grupong tulungan. Higit sa lahat, sinikap ng mga yunit na mahigpit na tanganan ang disiplina at taktikang gerilya ng BHB upang maipagtanggol ang sariling hanay at ang masa laban sa mga patraydor na atake ng AFP-PNP-CAFGU. ■

---

## NASAAN ANG AYUDA?

### *Krisis Dulot ng Kainutilan at Kapabayaan ng Rehimeng US-Duterte sa Harap ng Pandemya*



Kalagitnaan pa lamang ng Enero, mula nang ilinabas ng World Health Organization ang alerto hinggil sa COVID-19, ipinanawagan na ng mamamayang Pilipino ang mabilis at makabuluhang aksyon mula sa reaksyunaryong gubyerno. Ngunit, sa halip na pakinggan ang sambayanan, minaliit ng rehimeng US-Duterte ang banta ng pandemya at buong-pagmamagaling na nanindigan sa kanyang militarista at kontramamamayang pamamahala.

Ngayon, halos tatlong buwan mula nang kumalat sa bansa ang COVID-19 noong Marso, hindi na mapigilan ang bugso ng galit at paniningil ng masa sa kainutilan ng reaksyunaryong gubyerno. Sa pagtatangkang apulahin ito, ihinabol ni Duterte ang pagpapatupad ng P275 bilyong Social Amelioration Program (SAP). Ngunit sa kabila ng magarbong pagpapakete rito, ang tanong pa rin ng malawak na hanay ng mamamayan ay nasaan ang ayuda?

## Ayudang Limos, Ayudang Kapos

Sa unang tingin, magmimistula talagang malaki ang P275 bilyong programang ayuda kung ikukumpara sa kakarampot na pondong ilinaan sa mga paputa-putaking serbisyong panlipunan ng lahat ng mga papet na rehimen kabilang ang kasalukuyang rehimeng US-Duterte. Kung may pinapatunayan man ang programang ito, hindi ang kasapatan ng pondong pantugon sa COVID-19 kundi ang kalunus-lunos na kalagayan ng serbisyong panlipunang matagal nang pinapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.

Para sa taong 2020, P373.8 bilyon ang badyet na ilinaan sa PNP at DND. Mayroon ding P1.7 trilyong Special Purpose Funds at iba't ibang congressional insertions ang Tanggapan ng Pangulo. Habang aabot lamang sa P172.37 bilyon ang kabuuhang badyet sa sektor ng kalusugan.

Kahit nang ipinanukala ang pagdaragdag ng badyet ng DOH, P1.65 bilyon lamang mula sa orihinal na P3.1 bilyong iminungkahi ng DOH ang kaya umanong pagbigyan gayong walang kakurap-kurap na lumustay ng aabot sa P20.95 bilyon para sa dagdag na pondo ng kontrainsurhensyang programa.

Pinalalabas ni Duterte na dapat ipagpasalamat ng sambayanang kinaya pa ng gubyernong maglabas ng dagdag na pondo para sa COVID-19 sa kabila ng kakulangan sa badyet. Ngunit malinaw na hindi kapos ang kabuuhang P4.1 trilyong badyet ng 2020 kung kapakanan ng mamamayan ang prayoridad ng gubyerno. Ang limpak-limpak na pondong para sa pasismo ay maaari sanang ilipat sa sektor ng kalusugan at ilinaan para sa pagharap sa pandemya.

Ipinahayag din ni Finance Sec. Sonny Dominguez at Duterte noong Abril 14 na itutuloy pa rin nila ang pagbabayad ng utang panlabas sa kabila ng luwag na ibinigay ng IMF-WB sa mga bansang tulad ng Pilipinas. Aabot sa P1.03 trilyon ang ilinaan sa pagbabayad ng utang ng bansa. Kung ititigil muna ang pagbabayad sa utang-panlabas kahit sa loob ng anim na buwan mayroong sapat-sapat na pondo para sa higit 23 milyon pang pamilyang nangangailangan ng SAP. Mayroon ding aabot sa P1.2 trilyong unused unobligated funds o pondong hindi pa nagagamit at walang alokasyon mula sa badyet ng taong 2019 na maaari rin sanang idinagdag sa kakarampot na P275 bilyong SAP.

## Sino ang Nakinabang?

Sa kabila ng mga hungkag na deklarasyong lahat ng mahihirap na pamilyang maaapektuhan ng COVID-19 ay makatatanggap ng ayuda, lumalabas na 18 milyong pamilya lamang ang kwalipikado sa SAP. Sa ilalim ng sistemang quota ng SAP, hindi sapat na kwalipikasyon ang pagiging mahirap ng isang pamilya upang makatanggap ng ayuda. Sa pinakamasasahol na kaso wala pa sa kalahati ng kabuuhang bilang ng mga pamilya sa isang erya ang mabibigyan ng SAP.

Sa napakaliit na ngang target na ito, apat na milyon pa lamang ang nakatanggap ng tulong pinansya hanggang noong Abril 20 habang 1.1% lamang ang nakatanggap ng 194,467 food packs para sa dalawa hanggang tatlong araw. Ganito rin kabagal ang pamamahagi ng iba pang mga ayuda ng gubyerno.

Kahit pa nga makumpleto na ang pamimigay ng ayuda, hindi naman sasapat ang P5,000 hanggang P8,000 para sa isang buwang pangkonsumo ng abereyds na pamilyang Pilipino. Katumbas lamang ito ng P167 hanggang P267 kada araw samantala P996 ang kinakailangang kita ng isang pamilya upang makapamuhay nang disente. Ang masahol pa, bagamat nananatili ang mga mapanupil na restriksyon at limitasyon sa mobilidad ng populasyon, hindi na makatatanggap ng ayuda para sa buwan ng Mayo ang mga eryang isasailalim na sa General Community Quarantine (GCQ).

Kapabayaan at kainutilan ng rehimeng US-Duterte ang dahilan ng labis na kahirapang dinaranas ng sambayanan. Pananagutan niya ang kawalang-kakayahan ng bansang harapin ang pandemya at pigilan ang pagkalat at epekto nito sa buhay at kabuhayan ng masa. Dapat lamang ubos-kayang patalsikin ng malawak na hanay ng mamamayan ang papet, pahirap at pasistang rehimeng sukdulan na ang krimen laban sa sambayanang Pilipino.■

| Tipo ng Ayuda | Apektado ng COVID-19 | Aktwal na Nabigyan |
|---|---|---|
|  **Para sa mga Manggagawa** isang bagsakang P5,000 DOLE-CAMP (COVID-19 Adjustment Measures Program) | **10.7 milyong manggagawa** | **273,653 manggagawa** |
|  **Para sa mga Mala-manggagawa** DOLE-TUPAD (Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers) work-for-pay | **5 milyong mala-manggagawa** | **115,000 mala-manggagawa** |
|  **Para sa mga Magsasaka** isang bagsakang P5,000 DA-RFFA (Rice Farmers Financial Assistance) | **9.7 milyong magsasaka** | **300,994 magsasaka** |

## Kwentong Lockdown Part I: Si Jimboy at ang Brgy. Pag-asa sa panahon ng Covid-19

*"Bayaran mo na ang utang mo!"*

*"'Yung anak mo, ninakaw na naman ang kadena ng bike namin!"*

*"'Wag ka naman sugapa sa tubig, nauna ako sa pila."*

Nagising si Jimboy sa halu-halong ingay sa kanilang komunidad. Alas-sais pa lang ng umaga pero buhay na buhay na naman ang Brgy. Pag-asa. Nag-uunahan sa pila ng tubig at palikuran. Gaya ng napakarami pang iskwater sa kalunsuran, walang pagpipilian ang mga residente kundi magsiksikan kahit pa ipinagbabawal ito sa ilalim ng lockdown ng gubyerno ngayong panahon ng COVID-19. Wala naman silang maayos na pinagkukunan ng tubig at wala ring mga sariling palikuran ang kanilang mga barung-barong.

Buti pa ang pangalan ng barangay namin, kami kayang mga residente may pag-asa pa? Napailing na lamang si Jimboy. Dahan-dahan siyang bumangon at nagligpit ng higaan. Tulog pa ang kanyang asawa't apat na anak.

Kailangan niyang magmadali para makauna sa pila ng SAP. Magbabakasakali siyang nasa listahan ang kanyang pangalan. Mula kasi nang ideklara ang lockdown noong Marso 15 ay nawalan siya ng pagkakakitaan. Lampas dalawang buwan nang hindi pumapasada ang mga traysikel ng kanyang operator. Paubos na rin ang kanyang inutang noong nakaraang linggo.



Tulad niya ring nagbabakasakali ang 15 milyong mala-manggagawang naantala ang kabuhayan o kaya ay nawalan ng trabaho sa gitna ng lockdown. Sila ang mga takatak boys*, drayber ng padyak, traysikel at dyipni, manininda sa mga eskinita at gilid-kalsada. Bago pa man ang pananalasa ng COVID-19, hindi na sila saklaw ng anumang proteksyon at benepisyo ng alinmang batas sa paggawa. Ngayon, higit na kahirapan ang kanilang pinapasan. Wala na ngang trabaho, karamihan pa sa kanila ay hindi kwalipikado sa ayuda ng gubyerno.

Pagdating ni Jimboy sa barangay hall, isang malaking poster ang nakapaskil sa nakasaradong pintuan.

*"Tapos na po ang pamimigay ng SAP para sa buwang ito. Salamat sa inyong kooperasyon."*

Napakamot ng ulo si Jimboy. Akala niya para sa lahat ng mahihirap ang SAP. Bakit hindi siya nakatanggap?

Ayon sa gubyerno, ang P275 bilyong Social Amelioration Program (SAP) ang pinakamalaking programang panlipunan. Sasapat umano ito para sa 18 milyong mahihirap na pamilyang apektado ng COVID-19 sa panahon ng lockdown. Sa aktwal, wala pang kalahati sa target na bilang na ito ang nakatatanggap ng SAP para sa buwan ng Abril. Sa hanay ng mga drayber na tulad ni Jimboy, 9% pa lamang sa kabuuhang 435,000 ang nakakuha ng ayuda para sa parehas na buwan.

Binilang ni Jimboy ang laman ng kanyang bulsa. Kwarenta pesos. Ito na lamang ang pera nilang mag-anak. Ibinulsa niya muli ang pera at naglakad. Pupuntahan niya ang kanyang operator at makikibalita. Baka mayroong trabahong maaari niyang pasukan pansamantala o kaya naman baka maaari siyang pautangin ulit. Ngunit, hindi pa man nakakalayo sa barangay hall ay pinatigil si Jimboy ng mga pulis na nasa checkpoint.

Ngayon, 'bagong normal' na umano ang mga checkpoints sa iba't ibang bahagi ng bansa. Gayundin ang mga sapilitang interogasyon, pang-aaresto at pambubugbog sa mga lalabag sa protocol ng lockdown. Kahit pa ibaba na sa General Community Quarantine o GCQ ang isang erya, mananatili na ang mga protocol na ito. Mula Marso 15 hanggang Abril 17 inaresto ang 29,632 dahil

umano sa paglabag sa quarantine.

*"Paano kaya kami makakapaghanap ng trabaho kung hindi naman pwedeng lumabas? Pero ano rin ba ang magagawa namin?"* tanong ni Jimboy sa sarili habang naglalakad.

"Dapat natin ipaglaban ang ating mga karapatan! Mass testing ang kailangan natin hindi mass arrests! Serbisyong medikal hindi lockdown! Hindi naman tayo sa virus mamamatay kundi sa gutom! Sinasakyan ni Duterte ang COVID-19 para ilusot ang mala-Martial Law na panunupil sa atin."


Parang sinagot ang kanyang katanungan, napalingon si Jimboy sa narinig. Nakita niya ang isang grupong nag-uusap sa hindi kalayuan. Kahit lahat ay naka-face mask, namukhaan niya ang isa sa mga nakaupo, kapwa myembro sa kanilang TODA. Nakita rin siya nito at sinenyasang lumapit. Nakiupo na rin si Jimboy at nakinig sa talakayan.

*"Ano bang pinag-uusapan, 'pre? Anong meron?"* tanong niya.

*"Tungkol sa lockdown at sa COVID-19. Kung ano raw ang pwede nating gawin,"* sagot ng kanyang katabi. Pagkatapos ng talakayan ay may pinaikot na papel ang isa sa mga nagsalita. May tanong kung nais ba nilang maging kasapi ng organisasyon ng mga maralitang lunsod at lumahok sa iba pang mga pag-aaral at pagkilos para sa kanilang mga karapatan at kahingian. Sa unang beses sa araw na iyon, napangiti si Jimboy habang hawak ang bolpen at papel. Pinagmasdan ang mga kapwa niya drayber at maralita.

*Sa wakas, may pag-asa na rin sa aming buhay.*■

---




## Kwentong Lockdown No. 2: Si Mang Alan at ang Krisis ng Covid-19 sa Kanayunan

Parang sinulsi ang sunud-sunod na buntong-hininga ni Mang Alan habang pinagmamasdan ang kinita mula sa pagbebenta ng palay. P10,060 para sa apat na buwan. Kulang-kulang P100 sa loob ng isang araw. Kailangan magkasya ito hanggang sa susunod na taniman. Iyon ay kung makahanap siya ng ipangpupuhunan para muling makapagsaka.

*"Saan napunta ang pinagpaguran namin? Barya lang ba talaga ang katumbas ng lahat ng iyon,"* usal niya sa sarili habang hinihimas ang kalyo ng kanyang palad. Kalyo at naglalabasang ugat lamang ang patunay ng lahat ng pawis na ibinuhos nilang mag-anak sa araw-araw na pagsasaka at paghahanapbuhay.

Pangkaraniwan ang karanasan ni Mang Alan. Pinagsama-samang hagupit ng bagyong Tisoy, African Swine Flu at COVID-19 ang epidemya ng kagutumang kinakaharap ng masang anakpawis sa rehiyon. Sa lipunan nga namang ito, ang pinagkaiba lamang ng 'bagong normal' sa 'dating normal' ay higit na kahirapan para sa mga tulad ni Mang Alan.

Mula pa nang isabatas ang Rice Liberalization Law noong 2019, labis ang pagdausdos ng presyo ng palay. Ngayong panahon ng COVID-19, lalo pang binabarat ang dati nang mababang halaga nito. Para sa buwan ng Hunyo, P12 hanggang P13.50 ang bili sa isang kilo ng tuyong palay. Samantala, naglalaro sa P5 hanggang P7 ang isang kilo ng sariwang palay. Dahil tag-ulan at mahihirapan silang magpatuyo ng palay, maraming magsasaka ang napipilitang ibenta nang sariwa ang kanilang inaning palay. Masahol pa, habang limos na lamang ang halaga ng produkto nina Mang Alan ay nananatili namang nasa P38-P45 ang presyo ng isang kilong bigas sa merkado.



*Alam nila ang dapat gawin kung nais nilang makaahon sa kumunoy ng kahirapan at pagsasamantala – kailangan humakbang pasulong.*

Kalimitan, sinosolo na lamang ng mga tenante at magsasaka ang pagtatrabaho sa bukid upang makatipid. Ngunit, kahit ganoon ay lugi pa rin sila. Mahal ang komersyal na pestisidyo, pataba sa lupa at iba pang kagamitan sa produksyon. Dahil sa lockdown, nagkakahirapan sa pagbabyahe ng produkto. Sa bayan nina Mang Alan, hinuhuli ng pulis ang mga residenteng nagdadala ng kanilang mga produkto sa sentrong bayan dahil paglabag umano ito sa protocol ng lockdown. Kinukumpiska ang mga produkto at maging ang ginamit na sasakyan. Dulot nito, kinakailangan gumastos nang mas malaki sa transportasyon upang makarating sa kumprada ang ipagbibiling produkto. Ang ibang magsasaka ay napipilitang kumuha ng mga special trip o kumontrata ng masasakyan upang makarating sa bayan. Matapos ang lahat ng ito, ikakaltas pa ang 40% hanggang 60% na parte ng mga panginoong may-lupa.

Muli na namang bumuntong-hininga si Mang Alan. Wala pa ring trabaho ang anak niya dahil nagkakahirapan sa pagkuha ng travel pass palabas ng prubinsya. Mukhang matatanggal na nga ito nang tuluyan dahil nagbabanta na ang amo nitong aalisin na ang mga trabahador na hindi mag-rereport agad. Hindi pa rin nila nakukuha ang sinasabi ng gubyernong SAP. Nakailang-balik na ang asawa ni Mang Alan sa upisina ng DSWD pero wala pa rin. Hangga't hindi raw napoproseso ang kanilang ATM card ay hindi sila makatatanggap ng ayuda. Hindi naman sila makapag-apply para sa ayuda sa mga magsasaka dahil tenante lamang sila at hindi nakarehistro sa kanilang pangalan ang lupa.

Dagdag pa sa nakapagpapakulo ng dugo ni Mang Alan ay ang lumalang militarisasyon sa kanilang baryo. Sa harap ng lahat ng kahirapang dinaranas nila, pinagbabawalan pa ang sama-samang pagtatanim ng mga bungang-kahoy at gulay. Ito sana ang naisip nilang magkakapitbahay na makakaagapay sa araw-araw nilang pagkain. Bawal daw ito sabi ng militar dahil programa raw ng mga komunista ang pagtutulungan. Siya nga mismo ay tatlong beses nang pinatawag at pinipilit na umaming kasapi ng BHB. Noong huli ay binantaan na siya. Hindi na raw kasalanan ng militar kung bigla na lang siyang mabaril dahil sa katigasan ng ulo.

*"Pinapatay na nga kami ng sistemang ito tapos ang gusto pa nila ay manahimik lang kaming basta? Aba, hindi naman iyan maaari. Eh ano kung lumalaban nga talaga ako sa palakad nila? Krimen ba ang ipagtanggol ang karapatan naming mabuhay?"* nakatiim-bagang na bulong ni Mang Alan sa sarili.

Naputol ang pagninilay-nilay niya ng biglang dumating ang asawa niya.

*"Alan, halika na! Nakatipon na sila doon. Magsisimula na ang pulong,"* tawag sa kanya nito. Pulong nga pala ng SPL* ngayon. Dali-dali nang tumayo si Mang Lando at sumunod sa kanyang asawa.

Habang nasa pulong ay hindi pa rin matahimik ang diwa ni Mang Lando. Hindi maaaring habambuhay na lamang ganito ang buhay nilang pamilya at ng lahat ng magsasakang tulad niya.

*"Mga kasama, mula sa isang taong programa natin ay mayroon tayong tinakdang bilang ng target reklutahin sa BHB. Ngayon pa lamang, pwede na tayong maglista ng mga nais sumampa mula sa atin para maiprograma natin ang mga kinakailangang paghahanda,"* sambit ng kanilang kalihim.

Nagtama ang tingin ni Mang Lando at ng kanyang asawa. Ngumiti ito sa kanya at tumango. Alam nila ang dapat gawin kung nais nilang makaahon sa kumunoy ng kahirapan at pagsasamantala – kailangan humakbang pasulong. Kailangan magpasyang lumaban. Dahan-dahan niyang itinaas ang kanyang kalyuhing kamay.

*"Ako, kasama, sasampa na ako sa hukbo."*■

---

*SPL- Sangay ng Partido sa Lokalidad